Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Arts

## Unang Markahan - Modyul 1

## Linggo 1: 1.1 Mga Disenyo sa Kultural na Pamayanan sa Luzon



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Arts – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 1: 1.1 Mga Disenyo sa Kultural na Pamayanan ng Luzon
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-isip sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishiers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Division of Valencia City
Schools Division Superintendent: Rebonfamil R. Baguio

**Development Team of the Module**

**Author:** Levie P. Baugbog

**Editor:** Marina A. Impig

**Reviewers:** Freddie L. Palapar – PSDS
Ronie A. Nietes

**Illustrator:** Love Joy D,Adrigado

**Layout Artist:** John Rimmon I. Taquiso

**Management Team:**
Chairperson: Rebonfamil R. Baguio
*Schools Division Superintendent*

Co-Chairperson:
Eugene I. Macahis, Jr.
Asst. Schools Division Superintendent

Members:
Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES
Jourven B. Okit, EPS – MAPEH
Analisa C. Unabia, EPS – LRMS
Joan Sirica V. Camposo, Librarian II
Israel C. Adrigado, PDO II

Inilimbag sa Pilipinas ng:
Department of Education - Division of Valencia City
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

# 4

# Arts

## Unang Markahan - Modyul 1

## Linggo 1:1.1 Mga Disenyo sa Kultural na Pamayanan ng Luzon

Ang kagamitan sa pagkatutong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa mga pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang mga guro at iba pang propesyonal na nasa larangan ng Edukasyon na magpadala ng kanilang puna o komento at rekomendasyon sa Kagawaran ng Edukasyon sa pamamagitan ng email: region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon ● Republika ng Pilipinas**

## *Panimula*

Mga mag-aaral, ang modyul na ito ay ginawa para sa inyo. Ito ay makatutulong na mapadali ang inyong pag-unawa sa mga araling napapaloob nito.

Ang gagawin niyo lamang ay basahin at intindihin nang mabuti ang mga panuto sa bawat gawain upang makamit ang mithiin ng modyul na ito.

Sa modyul na ito, makikilala mo ang kahalagahan ng mga kultural na pamayanan sa Luzon. Mailalarawan mo rin ang iba't ibang kultural na pamayanan sa Luzon ayon sa uri ng kanilang pananamit, palamuti sa katawan at kaugalian tulad ng Ifugao, Kalinga at Gaddang.

Pagkatapos mong alamin ang mga kultural na pamayanan ng Luzon ay inaaasahang makalilikha ka na ng isang likhang-sining na ginagamitan ng mga disenyo na makikita sa Luzon.



Mga paalala sa mga Guro

Hinihikayat ang mga guro na subaybayan ang lahat na mga gawain ng mga mag-aaral upang lubusang mapakinabangan nila ang kaalaman na napapaloob sa modyul na ito.



## *Alamin*

Nakikilala at nailalarawan ang iba't ibang kultural na pamayanan sa Luzon ayon sa uri ng kanilang pananamit palamuti sa katawan, at kaugalian.

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang sumusunod na mga hakbang:

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat ng mga tanong sa pagtataya at pagsasanay.

## Mga Icons sa Modyul

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa iyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin |
|  | Suriin | Ito ay pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang inyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang inyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |



## *Subukin*


**Panuto:** Basahin at unawain ang sumusunod na mga tanong. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang tawag sa disenyong tumutukoy sa paggawa ng iba't ibang disenyo na hango sa kalikasan o kapaligiran.
   A. Katutubong paglililok
   B. Katutubong pagpipinta
   C. Katutubong disenyo
   D. Katutubong sayaw

2. Ang mga pangkat etnikong Gaddang ay naninirahan sa anong lugar sa Luzon?
   A. Batangas
   B. Pangasinan
   C. Caloocan
   D. Nueva Viscaya

3. Alin sa sumusunod ang hindi pangkat etniko ng Pilipinas?
   A. T'boli
   B. Yakan
   C. Gaddang
   D. Hapon

4. May mga disenyong tulad ng araw, kidlat, isda, ahas, butiki, puno, at aso na makikita sa kasuotan at kagamitan. Anong pangkat etniko ang nagmamay-ari ng ganitong disenyo?



Source LM pahina 145

   A. Ifugao
   B. Gaddang
   C. Yakan
   D. Kalinga

5. Kung kayo ay naninirahan sa mga kultural na pamayanan, paano mo pahahalagahan ang mga katutubong sining o disenyo na mayroon dito?
   A. Ipagmalaki at tangkilikin ang kasuotan na may katutubong disenyo.
   B. Magsuot ng damit galing sa ibang bansa
   C. Itago sa aparador ang mga damit na may katutubong disenyo
   D. Isuot ang damit na may katutubong disenyo kung magsisimba lang.

| Aralin 1 | Mga Disenyo sa Kultural na pamayanan ng Luzon |
|---|---|



***Balikan***


Ano-ano ang mga halimbawa ng kultural na pamayanan sa Luzon?

Ano-ano ang tatlong disenyo ng pagguhit na ginagamit ng pangkat etniko sa Luzon?



***Tuklasin***

**Panuto:** Pagtambalin ang Hanay A sa Hanay B.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1.  Source LM 145 | A. Disenyong Ifugao |
| 2.  Source LM 145 | B. Disenyong Kalinga |
| 3.  Source LM p 145 | C. Disenyong Gaddang |
| 4 Sila ay makikita sa Hilagang Luzon | D. Kalinga |
| 5 Sila ay kilala at bantog sa paghahabi ng tela | E. Ifugao |
| 6. Sila ay mahihilig sa makukulay na pananamit at palamuti sa katawan | F. Gaddang |

## *Suriin*

Ang mga pangkat etniko mula sa Hilagang Luzon ay may kani-kaniyang katutubong sining na nagtataglay ng iba't ibang linya, hugis, at kulay. Ito ay ginagamitan ng paulit-ulit na disenyo na higit nilang napaunlad at napagyaman sa kanilang kultural na pamayanan.

Ang mga Ifugao ay naninirahan sa Hilagang Luzon. Makikita ang mga disenyo na kanilang nilikha mula sa kanilang kasuotan at kagamitan tulad ng araw, kidlat, isda, ahas, butiki, puno, at aso.




Source LM pahina 145

Ang Gaddang naman sa Nueva Viscaya ay kilala at bantog sa paghahabi ng tela. Ang mga manghahabing Gaddang ay gumagamit ng tradisyunal na hakbang sa paghahabi na may mabusising paglalagay ng mga palamuti gaya ng plastic beads at bato. Ilan sa kanilang mga produktong ipinagmamalaki ay ang bakwat (belt), aken (skirt), at abag (G-string) na gawa sa mga mamahalin at maliliit na bato.




Source LM pahina 145

Makukulay ang pananamit ng mga Kalinga na matatagpuan sa pinakahilagang bahagi ng Luzon. Napakahalaga sa kanila ang mga palamuti sa katawan na nagpapakilala sa kanilang katayuan sa lipunan. Madalas gamitin ng mga Kalinga ang kulay na pula, dilaw, berde, at itim.



Source LM pahina 145



## *Pagyamanin*

**Panuto:** Gumuhit ng mga bahagi ng katawan na kasya sa iba't ibang katutubong damit sa Luzon.

**"Idress Mo Ako"**




https://www.carousell.ph/p/ifugao-costume-246229354/




https://www.michaelbackmanltd.com/archived_objects/gaddang-mans-clothing-set-luxon-philippines/





https://www.carousell.ph/p/kalinga-national-costume-206268775/



## *Isaisip*

Basahin:

Ang mga disenyong kultural ng pamayanan sa Luzon ay isa sa mga pamana ng sining sa ating bansa. Kaakit-akit at kanais-nais sa paningin ang kanilang mga likhang disenyo na ginagamitan ng iba't ibang linya, hugis, at kulay. Ilan sa mga ito ay ang mga inukit o nililok na kahoy at mga damit na may iba't ibang burda. Karamihan ng kanilang mga ginawang disenyo ay hango sa kalikasan o maging sa kapaligiran tulad ng dahon, tao, bundok, at mga hayop.



## *Isagawa*

**Kagamitan:**

Mga bagay na karton gaya ng baso o mga
Platong karton (paper plate) lapis, at krayola

***Panuto:***

1. Kumuha ng isang karton o iba pang bagay na mayroon sa inyong lugar na maaaring gamitin para guhitan ng mga disenyo.
2. Mag-isip ng disenyo mula sa mga kultural na pamayanan ng Luzon tulad ng Ifugao, Gaddang, at Kalinga.
3. Iguhit ang napiling disenyo sa karton o platong karton gamit ang lapis. Maaari ring gumamit o umisip ng sariling disenyo gamit ang mga hugis, kulay, linya, at ang prinsipyong paulit-ulit.
4. Kulayan at punuin ang mga espasyo ng mga disenyo ang inyong iginuhit, at sundan ito ng krayola para lalong maging kaakit-akit ang iyong likhang-sining.



## *Tayahin*

**Panuto A:** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang mga pangkat etnikong matatagpuan sa Nueva Viscaya ay tinatawag na _______?

   A. Manobo C. Gaddang
   B. T'boli D. Tausug


2. Ito ay ang paggawa ng iba't ibang disenyo na hango sa kalikasan o kapaligiran. Anong uri ng disenyo ito?

   A. Katutubong damit C. Katutubong disenyo
   B. Katutubong pagkain D. Katutubong sayaw

3. Alin sa sumusunod ang pangkat etniko ng Luzon?

   A. T'boli C. Gaddang
   C. Yakan D. Higaonon

4. Pansinin ang mga hugis ng disenyong etniko ng mga Ifugao sa ibaba. Ano-anong mga hugis ang naglalarawan nito?



Source LM pahina 145


   A. araw, butiki, ibon
   B. damo, dahon, sanga
   C. kalabaw, baka, kabayo
   D. simbahan, bahay, sasakyan

5. Paano mo maipagmamalaki ang mga kasuotan na nagmula pa sa ating mga ninuno?


   A. Pagtatago nito
   B. Pagpapalamuti
   C. pagsusuot nito sa paaralan
   D. Pasusuot nito na may pagmamalaki

**Panuto B:** Isulat sa loob ng hugis ng araw ang salitang **TAMA** kung sang-ayon ka sa isinasaad ng pangungusap at isulat naman ang **HINDI** kung hindi ka sang-ayon.


1. Makukulay ang pananamit at palamuti ng mga Kalinga na matatagpuan sa pinakatimog na bahagi ng Luzon.




2. Ang Gaddang sa Nueva Viscaya ay kilala at bantog sa paghahabi ng tela.




3. Ang mga kultural na pamayanan ng Luzon ay may kani-kanilang ipinagmamalaking obra.



4. Ang mga Ifugao ay naninirahan sa Hilagang Luzon.



5. Napakahalaga sa mga taga Luzon ang mga palamuti sa katawan na nagpapakilala sa kanilang katayuan sa lipunan**.**



## *Karagdagang Gawain*

Maghanap ng mga larawan ng mga pangkat etniko sa Luzon. Gupitin ang mga ito at idikit sa loob ng kahon sa ibaba.

Pangkatin ito ayon sa nabanggit na pangkat etniko.

## *Susi sa Pagwawasto*

| Tayahin A |
|---|
| 1.C |
| 2.D |
| 3.B |
| 4.D |
| 5.A |

| Tayahin B |
|---|
| 1.Mali |
| 2.Tama |
| 3.Tama |
| 4.Tama |
| 5.Tama |

| Tuklasin: |
|---|
| 1. B |
| 2. A |
| 3. C |
| 4. E |
| 5. F |
| 6. D |

| Subukin |
|---|
| 1. C |
| 2. D |
| 3. D |
| 4. A |
| 5. A |

6.
7.
8.
9.
10.

***Sanggunian:***

Montaῃez,Cynthia et .al(2015)Musika at Sining 4 LM Department of Education-Instructional Council Secretariat (DepEd)-IMCS

Montaῃez,Cynthia et.al(2015) Musika at Sining 4 TG Department of Education-Instructional Council Secretariat DepEd-IMCS

https://www.carousell.ph/p/ifugao-costume-246229354/

https://www.michaelbackmanltd.com/archived_objects/gaddang-mans-clothing-set-luxon-philippines/

https://www.carousell.ph/p/kalinga-national-costume-206268775/

For inquiries and feedback, please write or call:

Department of Education – Division of Valencia City

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615